




COVIBOOK

Manuela Molina



Hello! Ako ay isang virus,
pinsan nina trangkaso at
sipon. Ako ay si Coronavirus.





Mahilig akong
mamasyal...at lumundag sa
iba't ibang kamay para
magsabi ng "Hi!" Apir!



1



2



3



4




5




6

Narinig mo na ba ang tungkol sa akin? Oo? Hindi? At ano naman ang iyong nararamdaman kapag naririnig mo ang aking pangalan?
1) Kalmado? 2) Nalilito?
3) Nag-aalala? 4) Mausisa?
5) Ninenerbiyos? 6) Malungkot?




Ano'ng nararamdaman mo tungkol sa akin, si coronavirus? Nauunawaan ko. Ganyan din ang aking mararamdaman. (Kung mayroon kang papel, iguhit ang mukha na nagpapakita kung ano'ng nararamdaman mo tungkol sa akin)



Minsan nag-aalala ang mga matatanda kapag nababasa nila ang balita o nakikita nila ako sa TV.

Ngunit aking ipapaliwanag
ang aking sarili para
maintindihan mo.





Kapag ako'y bumibisita,
nagdadala ako ng:
kahirapan sa paghinga,
lagnat, at pag-ubo.



Ngunit hindi ako
nagtatagal sa mga tao, at
halos lahat ay gumagaling,
tulad ng paghilom ng iyong
tuhod matapos itong
magasgasan. BYE BYE!




Huwag mag-alala! (Ibigay ang mga pangalan ng mga taong nag-aalaga sa iyo)
Pananatilihin nilang ligtas ka.




At maaari kang tumulong:

1) Sa pamamagitan ng paghuhugas ng iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig habang kumakanta. Maaari mong kantahin ang paborito mong awitin, ang kantang Happy Birthday, o yung Alphabet Song.

2) Sa pamamagitan ng paggamit ng hand sanitizer at pagpapatuyo nito sa iyong mga kamay. Bumilang hanggang sampu nang hindi iginagalaw ang iyong mga kamay: 1, 2, 3, 4, 5, 6, 7, 8, 9, 10 Kapag tuyo na ang iyong mga kamay, maaari ka nang bumalik sa paglalaro!!



Kung gagawin mo ang lahat ng ito, hindi ako bibisita habang naghahanap pa ang mga doktor ng bakuna na pahihintulutan akong bumati nang hindi ka nagkakasakit.



www.mindheart.co/descargables

Manuela Molina Cruz
Instagram: @mindheart.kids
manuela_825@hotmail.com

WAKAS

Maaaring i-download ang
orihinal na libro sa:

www.mindheart.co/descargables

Author: Manuela Molina Cruz

Instagram: @mindheart.kids

Manuela_825@hotmail.com

Isinalin sa Tagalog ng IMH Team

Maaaring i-download itong libro
sa: barmm.info/imh/resources

Brought to you by



The Asia Foundation

Let's Read! is an initiative of The Asia Foundation's Books for Asia program that fosters young readers in Asia. booksforasia.org

To read more books like this and get further information about this book, visit letsreadasia.org

Original Story

COVIBOOK, author: Manuela Molina . Published by MindHeart, <https://www.mindheart.co/descargables> © MindHeart.

Released under CC BY-NC-SA 4.0.

This work is a modified version of the original story. © The Asia Foundation, 2020. Some rights reserved. Released under CC BY-NC-SA 4.0.



For full terms of use and attribution, <http://creativecommons.org/licenses/by-nc-sa/4.0/>